



Pagparada sa kalye, mga palaruan at paglayo mula sa iba: Pinaalalahanan ng Lungsod ang mga residente sa mga ordinansa sa panahon ng COVID-19

BRAMPTON, ON (Hunyo 30, 2020) – Pinaalalahanan ng Lungsod ng Brampton ang mga residente tungkol sa kahalagahan ng sumusunod na mga ordinansa sa buong taon. Ang mga ordinansa ay mahalaga sa pagpapanatili ng malinis at ligtas na lungsod, at bawat residente ay may papel na gagampanan na tuparin ang mga pamantayang ito.

Pinaalalahanan ang mga Bramptonian na kahit na ang Rehiyon ng Peel ay lumipat na sa Yugto 2, ang mga hindi sumusunod sa mga regulasyon ay maaaring mamumultahan ng pinakamababa \$500 at ang pinakamalaki ay hanggang \$100,000 para sa bawat paglabag sa ilalim ng [Ordinansa sa mga Pamamaraan ng Brampton sa COVID-19 Emergency](#) o parurusahan sa ilalim ng panlalawigang Emergency Management and Civil Protection Act (EMCPA). Maaari rin silang mapaparusan sa ilalim ng iba pang may kaugnayang mga ordinansa ng Lungsod kung sila ay hindi sumunod sa mga ito.

Pagparada sa kalye ng lungsod

Muling pasisimulan ng staff ang pagpapatulad sa mga parusa sa paglabag sa ilalim ng [Ordinansa sa Trapiko at Pagparada sa Lungsod](#) sa Hulyo na pansamantalang sinuspinde dahil sa COVID-19 pandemic. Sa Lunes, Hulyo 6, 2020, magre-resume ang pagpapatupad para sa pagparada sa magdamag. Sa ilalim ng Ordinansa sa Trapiko at Pagparada ng Lungsod, hindi maaaring pumarada ang mga sasakyan sa kalye sa pagitan ng 2 at 6 am. Sa Lunes, Hulyo 20, 2020, magre-resume ang pagpapatupad ng parusa para sa mga paglabag sa pagparada sa loob ng tatlong oras. Sa ilalim ng Ordinansa, ang mga sasakyan ay hindi pwedeng pumarada sa kalye nang higit sa tatlong oras bawat pagkakataon.

Ang mga konsiderasyon sa pagparada ay magpapatuloy na available online o sa pamamagitan ng pagtawag sa 311. Para sa mga behikulong nangangailangang pumarada sa kalye matapos ang Hulyo 6, 2020, available ang application sa [website](#) ng Lungsod. Sa ibang banda, ang mga sasakyan ay pwedeng iparada sa espasyo ng boulevard ng isang driveway sa pagitan ng bangketa at kalye.

Ang mga pribadong kumpanya sa seguridad na responsable para sa pagsubaybay at pag-isyu ng mga abiso ng multa sa pribadong propyedad ay magre-resume rin sa pagpapatupad ng parusa sa Pagparada sa Pribadong Propyedad, bukod pa sa pagpapatuloy sa pagpapatulad sa mga parusa sa paglabag sa mga parusa sa accessible na pagparada at sa pagpapatupad ng ruta ng bumbero.

Paggamit ng mga parke

Habang bukas na ngayon ang mga parke ng Lungsod, pinaalalahanan ang mga residente na sa ilalim ng Yugto 2, ang lahat ng palaruan at kasangkapan ng laro, kasangkapan ng outdoor fitness at mga sistema ng inuming tubig ay nananatiling sarado para protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga residente.



Paglayo mula sa iba

Habang patuloy na lumalabas ang mga residente para mag-enjoy sa klima ng summer, pinaalalahanan sila ng Lungsod sa kahalagahan ng patuloy na paglayo mula sa iba. Ang bawat isa ay kailangang magpapanatili ng 2.0 metrong layo mula sa sinuman sa labas ng kanilang [social circle](#). Ang mga pagtitipon ng higit sa sampung tao ay ipinagbabawal sa ilalim ng EMCPA.

Para isumbong ang mga pagtitipon ng higit sa sampung tao o isang negosyo na hindi tumutupad sa mga pamamaraan ng paglayo mula sa iba, hinihiling ang mga residente na tumawag sa 311.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagsisikap ng Lungsod na suportahan ang komunidad bilang tugon sa COVID-19, bumisita sa www.brampton.ca/COVID19 o sundan ang @CityBrampton sa Twitter, Facebook at Instagram. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga ordinansa ng Lungsod, bumisita sa www.brampton.ca

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca